# Balitang Manmin

BILANG 201  ABRIL 15, 2018


# Muan Sweet Water, Katulad ng Pangyayari sa Biblia

## Ang Ika-18 Anibersaryo ng Muan Sweet Water, Isang Kaloob para sa Manmin

Noong Marso 1, 2018, ika-11:00 ng umaga, nagdaos ng pagsamba, pagdiriwag, at pagtatanghal para sa ika-18 anibersaryo ng Muan Sweet Water sa Muan Manmin Church, Muan, Probinsya ng Jeonnam, Korea.

Inihatid ni Rev. Heesun Lee, Pandaigdigang Tagapatnubay na Pastor, ang mensaheng may pamagat na 'The Gift of Love' na kinuha sa aklat ng Mga Awit 62:11. Nagbigay naman ng mensaheng pagbati si Elder Boaz Lee, Presidente ng GCN, at nagtanghal ang Power Chorus of Performing Arts Committee at ang Honam Area United Performing Team. Maraming dumating na bisita para makipagdiwang sa anibersaryo tulad ng mga pinuno ng mga organisayon sa Hajae-myeon, Muan-gun, mga pastor at mga mananampalataya.

### Katulad ng pangyayari sa Biblia 3,500 taon na ang nakaraan

Nakasulat sa Biblia ang insidente tungkol sa mapait na tubig ng Mara na ginawang pwedeng inumin dahil sa kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ni Moises. Uhaw na uhaw kasi ang mga Israelita noong nasa disyerto sila pagkatapos ng Exodo (Exodo 15:25). Nahabag ang Diyos sa mga nauuhaw kaya nagpakita Siya ng kapangyarihan. Sa panahon natin ngayon, pinapakinggan pa rin ng Diyos ang mga daing ng mga anak Niya, at nagpapakita Siya ng pagpapatunay ng pagmamahal Niya.

Noong Marso 5, 2000, pinakinggan ng Diyos ang panalangin ng mga miyembro ng Muan Manmin Church na nahihirapan dahil kulang ang tubig na pwedeng inumin. Napalitan ng tubig na naiinom ang tubig-dagat sa harapan ng iglesya dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee na lumalampas sa lugar at panahon (mahalagang kwento sa pahina 4).

### Kaligtasan at kahusayan pinatunayan ng USFDA

Noong taong 2007 at 2010, pinatunayan ang kaligtasan at kahusayan ng Muan Sweet Water ng pitong klaseng pagsusuri na isinagawa ng USFDA (Food and Drug Administration ng America). Nakita sa pagsusuri na ang Muan Sweet Water ay mayaman sa mga mineral, mayroon itong calcium na tatlong beses na mas marami kaysa sa ibang kilalang produkto ng tubig mula sa bukal. Noong taong 2010, napatunayan na ipapadala sa Estados Unidos ang Muan Sweet Water dahil nakapasa ito sa mga karagdagang pagsusuri ng FDA. Noong taong 2013, nairehistro ang opisyal na tatak ng Muan Sweet Water sa US Patent and Trademark Office.

Mayroon ding Muan Sweet Water Aquarium sa Manmin Central Church kung saan magkasamang lumalangoy ang mga isdang galing sa tubig tabang at mga isdang galing sa tubig alat. Isa ito sa nangunguna sa listahan ng mga dapat makita ng mga miyembro na nanggagaling sa loob at labas ng Korea.




Ang Aquarium ng Muan Sweet Water

### Pinagaling ang maraming karamdaman, naranasan ng mga tao ang espirituwal na kalawakan

Sa nakaraang 18 taon, naranasan ng mga mananampalataya sa buong mundo mula sa iba't ibang denominasyon ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu kapag ginagamit nila ang Muan Sweet Water nang may pananampalataya. Gumaling sila mula sa mga karamdaman, at gumanda ang mga mata nila. Lumaki ng mahusay pati ang mga halaman at hayop. Natupad din ang mga minimithi ng mga tao (basahin ang patotoo sa pahina 3). Habang nananampalataya sa Diyos, nang maglublob sila sa Muan Sweet Water Pool, nagsigaling sila mula sa mga karamdaman at naranasan nila ang espirituwal na kalawakan. Isang banal na lugar na ang Muan Sweet Water, pinupuntahan na ito ng mga manlalakbay mula sa buong mundo.

Winisikan ng Muan Sweet Water ni Kapatid Shuman, 21 taong gulang, taga-India, ang asawa niya ng ito ay sapian ng masamang espiritu at hinimatay. Pagkatapos, naging napakamahinahon nito at dumadalo na sa iglesya. Idinalangin ni Kapatid Edith Tiu, 53 taong gulang, taga-Pilipinas, ang anak niyang babae. Naging bayolente ito mula noong naging paralisado mula baywang pababa nang maaksidente ang kotseng sinasakyan. Winiwisikan niya ng Muan Sweet Water ang anak niya sa tuwing mangangalit ito at nagsisisigaw sa galit. Kapag nawisikan na ito, tumatahimik na.

Sinabi ni Pastor Rita Sihotang Cussoy, 68 taong gulang, taga-Indonesia, "Habang nakatingala ako sa kalangitan kasama ng ibang tao sa lugar ng Muan Sweet Water, naging hugis krus ang liwanag ng araw. May boses kaming narinig na tatlong beses na nagsabing, 'Magaling na kayo!' Lumublob ako ng pitong beses sa tubig, gumaling ang diabetes ko at nawala ang lahat ng komplikasyon nito."

Sinabi ni Diakonesa Elena Litvina, 57 taong gulang, taga-Russia, "Pagkatapos kong maglub-lob sa Muan Sweet Water, nawala ang sakit ng ulo ko na matagal ng hindi nagagamot. Bukod pa diyan, hindi ako marunong gumuhit ng maganda dati, pero ngayon, parang isang pintor na ako. Dahil sa kapangyarihang muling paglikha, nagbago ang mga selula sa utak ko na tumutulong sa kahusayan sa paglikha at iba pang gawaing malikhain!"

Inilublob ni Diakonesa Jeongja Park ang sarili niya sa Muan Sweet Water Pool, pagkatapos, nakarinig siya ng isang malakas na tunog sa tainga. Nawala ang matinis na tunog sa tainga niya na dalawang taon na niyang problema. Gumaling din ang matinding astigmatism at sakit sa ulo niya dahil sa Muan Sweet Water.

Nakita ni Punong Diakonesa Eunju Kim, 53 taong gulang, ang paglabas ng Muan Sweet Water at dumadalo siya noon pa sa Muan Manmin Church. Sinabi niya, "Lahat ng bumibisita dito mula sa buong mundo ay nagpapakababa na lumuluhod dito. Hindi mahalaga ang lahi, kultura, at estado nila. Inasam nila ang pagkilos ng Diyos, sinabi nila na nadama nila ang presensya ng Diyos sa lugar na ito."



Senior Pastor Dr. Jaerock Lee

# Nagtiwala si Abraham na Bubuhayin ng Diyos ang mga Patay

"Sa pamamagitan ng pananampalataya, nang subukin si Abraham, ay kanyang inihandog si Isaac. Siya na tumanggap ng mga pangako ay handang maghandog ng kanyang bugtong na anak. Na tungkol sa kanya ay sinabi, 'Kay Isaac ay tatawagin ang iyong binhi.' Itinuring niya na maging mula sa mga patay ay maaaring buhayin ng Diyos ang isang tao, at sa matalinhagang pananalita, siya'y muli niyang tinanggap" (Sa Mga Hebreo 11:17-19).

•••

Ayon sa Biblia, natutuwa ang Diyos sa mga ama ng pananampalataya na sumunod sa Kanya kahit ano pa ang situwasyon, walang sariling saloobin, kaya binigyan Niya ng malalaking pagpapala ang mga ito. Pinatunayan ni Abraham ang perpektong pananampalataya niya sa Diyos. Nagtiwala siya na bubuhayin ng Diyos ang mga patay. Tinawag siyang ama ng pananampalataya. Binigyan siya ng mga biyaya sa espiritu at katawan. Pag-aralan natin ang tungkol sa pananampalataya ni Abraham.

## 1. Nagtiwala si Abraham na ang Diyos ang namamahala sa buhay, kamatayan, tagumpay at kasawian

### 1) Salita ng Diyos ang sinusunod niya.

Nabuhay si Abraham mga 4,000 taon na ang nakalipas. Bago siya tawagin ng Diyos na Abraham, ang pangalan niya ay Abram. Wala siyang anak dahil ang asawa niyang si Sarai ay baog. Ang kanyang ama na si Terah ay umalis sa nayon niya, Ur ng mga Caldeo, para magtungo sa lupain ng Canaan. Nakarating sila sa Haran, at doon sila nanirahan.

Noong panahong iyon, laganap ang pagsamba sa mga diyus-diyosan sa Haran at sa Ur ng mga Caldeo. Hindi naging matatag ang pananampalataya ni Terah, ginaya niya ang ginagawa ng mga taga doon. Kaya iniutos ng Diyos kay Abram na iwan ang bansa niya, ang mga kaanak, at ang bahay ng ama dahil baka mabahiran siya ng kasamaan ng lugar (Genesis 12:1). Nagsimula ang proseso ng pagpapadalisay ng Diyos kay Abram dahil layunin Niyang gawin itong ama ng pananampalataya. Sinabi ng Diyos kay Abram, "Ikaw ay magiging isang pagpapala" (Genesis 12:2-3).

Hindi alam ni Abram kung saan siya pupunta, pero lubos ang pagtitiwala niya sa Diyos, hindi niya ginamit ang sariling saloobin. Umalis siya bilang pagsunod sa Salita ng Diyos (Sa Mga Hebreo 11:8). Dahil nagtiwala siya sa pangako ng Diyos na pagpapalain siya, iniwan niya ang buhay niya noon ng walang pag-aalinlangan at sumunod.

### 2) Naniwala siya na Diyos ang namamahala sa tagumpay at kasawian.

Hindi nagtagal, nang umalis si Abram sa nayon niya, nanatili siya sa Ehipto. Binihag ang asawa niyang si Sarai sa bahay ng Faraon (Genesis 12:14-15). Pero pinahirapan ng Diyos ang Faraon at ang sambahayan nito sa pamamagitan ng mga salot dahil kay Sarai na asawa ni Abram, kaya ibinalik ito ng Faraon kay Abram (Genesis 12:17-20).

Sandaling nabahala si Abram, pero dahil sa kawan ng mga hayop, ginto, at pilak na ipinadala ng Faraon sa kanya, yumaman siya. Ang problema niya ay naging pagpapala sa espiritu at katawan. Nagpalago ng pananampalataya niya ang karanasang ito, mas natuto siyang umasa sa Diyos sa bawat bagay.

Ang ika-13 kabanata ng Genesis ay tungkol kina Abram at sa pamangkin niyang si Lot.

Habang nagiging napakayaman ni Abram, yumayaman din si Lot na kasama niya. Napakalaki na ng mga pag-aari nila, hindi na sila pwedeng magsama. Nag-away na rin ang mga tauhan nilang dalawa. Sinabihan ni Abam si Lot na pumili ng mas mabuting lupain at humiwalay na sa kanya (Genesis 13:8-9). Pinili ni Lot ang lugar na sa tingin niya ay mas mabuti, masagana ang tubig. Iniwan niya si Abram.

Tiyuhin ni Lot si Abram, naging masagana ang buhay niya dahil dito. Pero, pinapili ni Abram si Lot dahil naniwala siya na Diyos ang namamahala ng buhay, kamatayan, tagumpay, at kasawian. Ito ang dahilan kung bakit kabutihan ang palagi niyang sinusunod.

Sinabi sa kanya ng Diyos, "Itaas mo ngayon ang iyong paningin, at tumanaw ka mula sa dakong iyong kinalalagyan, at sa dakong hilaga, timog, silangan, at sa kanluran; sapagkat ang buong lupaing natatanaw mo ay ibibigay ko sa iyo, at sa iyong binhi magpakailanman," Sinabi pa Niya, "Gagawin Kong parang alabok sa lupa ang iyong binhi, at kung mabibilang ng sinuman ang alabok ng lupa, ang iyong binhi ay mabibilang din" (Genesis 13:14-17). Ipinakita ng buhay ni Abram na ang pinakamahalagang kondisyon para tumanggap ng mga biyaya ay kung sumasaatin ang Diyos o hindi.

### 3) Naniwala siya na Diyos ang namamahala sa buhay at kamatayan.

Naniwala si Abram na Diyos ang namamahala sa lahat ng nilalang at sa lahat ng bagay. Nais ng Diyos na patunayan ni Abram ang pananampalataya niya dahil gagawin Niya itong ama ng pananampalataya. Sa pamamagitan nito, makikita ng lahat ng tao sa lahat ng bansa ang pananampalataya niya.

Nang si Abram ay 99 taong gulang na, binigyan siya ng Diyos ng ibang pangalan, tinawag siyang Abraham. Ang kahulugan nito ay dakila, at magiging ama siya ng maraming bansa. Binigyan din si Sarai na bagong pangalan, ito ay ginawang Sarah, na nangangahulugang ina ng mga bansa. Sinabi din ng Diyos na magkakaroon sila ng anak na lalaki sa susunod na taon. Nagtiwala si Abraham, naging anak niya si Isaac noong 100 taong gulang siya (Mga Taga-Roma 4:18-22).

Nang nagkaroon ng anak si Abraham at si Sarah kahit matatanda na sila, naging lubos ang pagtitiwala ni Abraham na Diyos ang namamahala sa buhay at kamatayan.

Pero isang araw, inutusan ng Diyos si Abraham na gawing handog na susunugin ang nag-iisang anak niyang si Isaac (Genesis 22:2). Nangako ang Diyos sa kanya na mula sa binhi ni Isaac, kasindami ng mga bituin sa langit at buhangin sa dagat ang magiging inapo niya. Pero inutusan siya ng Diyos na ialay si Isaac bilang handog na susunugin. Sumunod si Abraham. Dinala niya si Isaac sa lugar na sinabi ng Diyos. Hindi siya nalungkot o nagalit. Sa halip, nagpasalamat siya. Hindi nagbago ang pagtitiwala niya sa Diyos.

Nang iunat ni Abraham ang kamay niyang may hawak na patalim para patayin ang anak niya, tinawag siya ng Diyos, at sinabi, "Huwag mong sasaktan ang bata, o gawan man siya ng anuman, sapagkat ngayon ay nalaman Ko na ikaw ay may takot sa Diyos, at hindi mo ipinagkait sa Akin ang iyong anak, ang iyong kaisa-isang anak" (Genesis 22:12).

Lubos ang pagtitiwala ni Abraham sa Diyos na bubuhaying muli si Isaac dahil tutuparin nito ang ipinangako Niya kahit patayin niya ang anak niya bilang handog na susunugin. Pinatunayan dito ang pananampalataya niya sa Diyos na namamahala sa buhay at kamatayan (Sa Mga Hebreo 11:17-19).

## 2. Naging bukal ng pagpapala si Abraham

Dahil umasa siya sa Diyos na namamahala ng buhay, kamatayan, tagumpay, at kasawian sa lahat ng bagay, pinagpala siya ng Diyos sa lahat ng bagay (Genesis 24:1). Mababasa sa Santiago 2:23, "Kaya't natupad ang kasulatan na nagsasabi, 'Si Abraham ay sumampalataya sa Diyos, at iyo'y ibinilang sa kanya na katuwiran,' at 'siya'y tinawag na kaibigan ng Diyos.'"

Ibinigay sa kanya ng Diyos ang tungkulin na pamahalaan ang Mataas na Libingan kung saan naroon ang mga taong naligtas bago ang muling pagkabuhay ni Jesu-Cristo (Lucas 16:22). Tumanggap siya ng iba pang pagpapala dahil sa pananampalataya niya sa Diyos sa lahat ng bagay. Sa huli, naging ama siya ng pananampalataya ng lahat ng mga mananampalataya, kaibigan ng Diyos, at nabiyayaan ng mabuting kalusugan at mahabang buhay.

Binigyan din siya ng panibagong kalakasan, nagkaroon pa siya ng anim pang mga anak na lalaki bukod kay Isaac. Tumamasa pa siya ng pinansyal na pagpapala. Kung totoong nagtitiwala at nagmamahal tayo sa Diyos, umasa tayo sa Kanya na namamahala sa buhay, kamatayan, tagumpay, at kasawian. Ito ang perpektong pananampalataya.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, kung nananampalataya kayo sa Diyos at ipagkakatiwala ninyo ang lahat ng bagay sa Kanya, lahat ng problema ninyo ay malulutas. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na magkaroon nawa kayo ng perpektong pananampalataya, makatanggap ng mga biyaya sa lahat ng bagay, at maging masagana sa lahat ng bagay.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin



## "Gumaling ang katarata at paglalagas ng buhok ko!"

Diakono Taesung Jeong, 75 taong gulang, Chuncheon Manmin Church

Malabo ang paningin ko dahil sa katarata, nahirapan akong magbasa. Pero pagkatapos kong magwisik ng Muan Sweet Water sa mga mata ko, malinaw na ang paningin ko. Nakita sa resulta ng pagsusuri na wala na ang katarata.

Pagkatapos ng pagpapaopera ko (gastrectomy), palagi akong hindi natutunawan. Pero nang uminom ako ng Muan Sweet Water, gumaling din ako. Huminto din ang paglalagas ng buhok ko. Nang wisikan ko ang ulo ko ng Muan Sweet Water, tumubo ang makapal na buhok.

Minsan, natumba ako, may hawak pa naman akong baso. Tumusok sa palad ko ang isang pirasong bubog. Napinsala nito ang mga ugat at litid. Pinaopera ko ito, pero sabi ng doktor, imposible na itong lubos na gumaling. Hindi ako tumigil sa pagwisik ng Muan Sweet Water sa palad ko, nawala ang pananakit at mabilis gumaling ang pilat. Bumalik ang pakiramdam ng palad ko, nawala ang pamamanhid.



Noong taong 2017, gumaling ang malalang sakit ko sa balat sa likuran ng kamay dahil sa Muan Sweet Water. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagbigay sa atin ng Muan Sweet Water.



## "Gumaling ako mula sa leucorrhea!"

Diakonesa Youngsuk Yu, 56 taong gulang, Parokya 31, Manmin Central Church

May sakit akong leucorrhea (sakit sa ari) noong ikaapat na baitang pa lang ako sa elementarya. Habang tumatagal, naging malala ito. Dinala ako ng nanay ko sa isang pagsusuri na tinawag na Chinese acupuncture. Dinala din niya ako sa isang klinika na gumagamit ng mga halamang panggamot. Uminom pa ako ng mga medisinang tinawag na Oriental medicine. Kinatas din ng nanay ko ang damong-maria dahil nabalitaan niya na nakagagamot ito ng sakit na tulad ng sa akin. Pero walang epekto lahat ng ito. Palagi akong nagpapalit ng damit panloob, nagkaroon ito ng mga butas dahil sa mikrobyong dala ng sakit ko. Matagal kong tiniis ang sakit na ito, kahit nagparehistro ako sa Manmin, ni hindi ko naisip na gagaling ako.

Noong tagsibol ng taong 2014, habang lumalala ang sakit ko, araw-araw kong winisikan ng tatlong beses ang ari ko. Pero, bigla akong nilabasan ng dugo. Pumunta ako as doktor na espesyalista na mga sakit ng kababaihan, pero sabi niya, hindi niya pwedeng suriin dahil napakaraming dugong lumalabas. Sinabi niya na bumalik na lang ako kapag tumigil na ang paglabas ng dugo. Pagkatapos ng mga ilang araw, tumigil na ang paglabas ng dugo. Pumunta ako as palikuran, nabigla ako, malinis ang damit na panloob ko, ni walang sintomas ng leucorrhea.

Dahil namangha ang kapatid kong babae sa paggaling ko mula sa isang karamdamang tiniis ko ng mahigit na 40 taon, tumanggap siya sa Panginoon. Masayang-masaya ako.



## "Nasagasaan ang anak kong lalaki ng bisikletang tatlo ang gulong na may motor, pero hindi siya nasaktan!"

Kapatid Janet Bisais, 38 taong gulang, Cavite Manmin Church, Pilipinas

Noong Setyembre 2017, nasagasaan ang 7 taong gulang na anak kong lalaki ng bisikletang tato ang gulong na may motor habang naglalaro sa harapan ng bahay namin. Malaking aksidente ito dahil nagulungan ang kanang binti niya. Pero hindi siya nasaktan, isang maliit na galos lang ang natamo niya. Hindi makapaniwala ang mga taong nakakita sa insidente dahil hindi siya napinsala.

Pinupunasan ko ng Muan Sweet Water ang kanang binti niyang naaksidente, pagkatapos, dinala ko siya sa ospital para ipasuri. Walang napinsala ni isang buto sa binti niya kahit nagulungan ito ng bisikleta. Hallelujah! Dahil itinutuloy ko ang pag-punas ng Muan Sweet Water, nawala ang pasa, at walang nakitang masamang epekto ng pagkakasagasa.

Tinatamad magsulat ng mga letra ang anak ko noon, winisikan ko ng Muan Sweet Water ang mga daliri niya. Masipag na siyang magsulat ngayon.

Nakita sa x-ray



Walang pinsala sa buto sa kanang hita (litrato sa kanan) at sa kanang lulod (litrato sa kaliwa)



## "Nabuntis ako nang magsilayas ang masasamang espiritu!"

Pastor Keval Paul, 32 taong gulang, Jagran Manmin Church, India

Noong Setyembre 2017, nabalitaan ko ang tungkol sa Manmin. Binigyan ako ng Delhi Manmin Church sa India ng Muan Sweet Water. Winisikan ko nito ang mga miyembro ng iglesyang pinagpapastoran ko, pinainom ko pa ito sa kanila. Pagkainom ni kapatid Muskan, hinimatay siya (litrato #1), pero nagkamalay naman agad siya. Sinabi niya na dati, hindi siya makahinga, parang nasa loob daw siya ng pressure cooker. Pero nang magwisik siya ng Muan Sweet Water, may naramdaman siyang lumabas mula sa katawan niya. Bumuti ang pakiramdam niya, nawala ang sakit ng ulo at bigat ng dibdib.

Walang anak si Kapatid Sangeeta Burma (kaliwa, litrato #2) kahit dalawang taon na siyang may asawa. Pero, ilang araw pagkatapos niyang inumin ang Muan Sweet Water, nagbuntis siya. Nakalaya mula sa masamang espiritu ang biyenan niyang babae (kanan) dahil sa Muan Sweet Water.




## Nagpakita ng Kapangyarihan sa pamamagitan ng Muan Sweet Water


Ang Muan Sweet Water ay isang bagay na dapat mayroon ang mga miyembro ng Manmin. Ito ay 'espirituwal na gamot ng bawat tahanan' at pwede ring 'taga-ayos' ng mga sirang makina. Ginagamit nila ito ng may pananampalataya sa lahat ng aspeto ng buhay nila, at naranasan nila ang kapangyarihan ng Diyos kapag ginagamit nila ito.

Winisikan ng Muan Sweet Water ni Kapatid Jaya Mary, 51 taong gulang (litrato #1), na nagmula sa India, ang mga buto ng mani sa taniman niya noong taong 2017 dahil maliliit ang mga maning inani niya noong taong 2016, hindi maganda ang ani. Dahil dito, masagana ang naging ani niya. Noong minsan naman, nahirapang manganak ang alagang baka niya. Nilagyan niya ng Muan Sweet Water ang pagkain nito, nanganak ng normal ang baka.

Winisikan ng Muan Sweet Water ni Diakono Kihyun Jeong, 54 taong gulang (litrato #2), ang kulugo na tumubo sa isang daliri niya sa kanang kamay. At araw-araw, tinanggap niya ang panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee na naka-record sa Automated Response System. Lumiit ang kulugo, hanggang sa mawala na ito.

Singkit ang mga mata ni Diakonesa Hyodeok Kim, 40 taong gulang (litrato #3), winisikan niya ito ng Muan Sweet Water, mas gumanda ang mga mata niya ngayon. Isang buong linggong nahirapan si Kapatid Younghwa Do dahil nagyelo ang mga tubo ng tubig sa bahay niya. Binuhusan niya ito ng Muan Sweet Water pagkatapos niyang tanggapin ang naka-record na panalangin ni Dr. Lee. Agad dumaloy ag tubig. Dahil sa Muan Sweet Water, nagawa ang computer ni Diakonesa Keumhwa Yang, 60 taong gulang, taga-California, gumana din ang TV ni Diakonesa Yujeong Jang, 74 taong gulang, at nagawa ang cell phone ni Kapatid Daseon Choi, 11 taong gulang.


1



2



3





# "Pinalitan ng Diyos ng tubig na naiinom ang tubig-alat sa balon!"

Pastor Myeongsul Kim, Muan Manmin Church



Noong Abril 1997, pinadala ako sa Muan, probinsya ng Jeonam. Nagbukas ako ng Muan Manmin Church sa ilalim ng patnubay ng Diyos. Dahil napakaraming naganap na pagpapagaling mula sa mga karamdaman dahil sa panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, nakaranas ang iglesya ng walang patid na pagsigla at dumami ang mga miyembro.

Sinimulan naming manalangin para sa pagtatayo ng bagong santuwaryo. Kasabay nito, nabalitaan ko ang tungkol sa Shinwoo Spiritual Training Center. Ang lugar na pagtatayuan ay mahigit sa 23,140 metro kwadrado (mga 6 na ektarya). Maraming pasilidad dito, natatanaw pa ang malawak na karagatan. Wala kaming perang pampatayo ng istruktuya, pero nag-ayuno kami at nanalangin gabi-gabi at nanampalataya. Kung kalooban ito ng Diyos, mangyayari ito. Mahimalang nagkaroon kami ng pera para sa paunang-pambayad, at nakalipat kami sa bagong lokasyon.

### Nagtiwala kami na mangyayari din sa amin ang pangyayaring nakasulat sa Biblia.

Noong Pebrero 1999, pagkatapos mailipat ang santuwaryo, nagkaroon kami ng panibagong problema: walang tubig na pwedeng inumin. Walang naninirahan sa islang ito dati, gumawa lang ng daan para maikabit ito sa bayan. Naghukay kami ng balon para maabot ang tubig sa ilalim, pero napakaalat ng tubig, hindi ito pwedeng inumin. Nakikabit kami sa mga tubo ng mga kalapit na lugar na may layong tatlong kilometro.



Malaki ang nagastos namin sa madalas na pagdagdag ng mga pasilidad, mahirap na trabaho ito. May balon na dito dati na ginawa ng dating may-ari ng lugar, pero maalat, at mapait ang tubig.

Idinalangin namin araw-araw ang tubig na maiinom. Isang araw, nagkaroon ako ng ideya. Tungkol ito sa kapangyarihan ng Diyos na ipinakita kay Moises. Ito ang pagpapalit ng Diyos mula sa mapait na tubig ng Mara sa tubig na pwedeng inumin (Exodo15:25).

"Totoong-totoo! Ang Diyos na Manlilikha ay hindi nagbabago, kahapon, ngayon, at magpakailanman! Ang nangyari noong panahon ni Moises ay pwedeng mangyari ngayon. Nakita ko ang napakaraming kapangyarihan ng Diyos na nakasulat sa Biblia sa pamamagitan ng Punong Pastor. Ang Punong Pastor ay makakatulong sa amin; mapapalitan ang tubig-alat ng tubig na maaaring inumin!" Tiniyak ko ito.

Sinimulan naming idalangin ang bagay na ito. Pinapakita namin ang pananampalataya sa pagbati sa isa't isa ng, "Napalitan ng tubig na maiinom ang tubig-alat." Inawit pa namin ito. Nagpatuloy kami sa pagsulong na may pananampalataya, binanggit ko ang tungkol sa problemang ito sa Punong Pastor sa tuwing bumibisita ako sa central church. Hiniling ko ang panalangin niya tungkol dito.

### Napalitan ng tubig na maiinom ang tubig-alat na galing sa dagat.

Noong Pebrero 2000, nabalitaan ko na magdadaos ang Punong Pastor ng 6 na linggong pananalangin sa bundok panalanginan. Nagdaos ako at ang mga miyembro ko ng salit-salitang pananalangin at nangako kami na idadalangin ang Punong Pastor hanggang matapos ang 6 na linggo.

Sa sumunod na sampung araw magmula ng magsimula siya sa pananalangin sa bundok, nagkaroon ng bahaghari sa araw at sa gabi sa kalangitan sa ibabaw ng Muan Manmin Church. Natiyak ko, na ang mga bahaghari ay nagsilbing tanda ng pagpapala ng Diyos na darating sa amin.




Pagsamba sa Araw ng Linggo Marso 5, 2000
Ang Punong Pastor, kausap si Pastor Kim sa telepono



Noong Marso 3, bumalik ang Punong Pastor sa iglesya pagkatapos ng sampung araw. Pumunta ako sa Seoul para maghandog sa Magdamag na Pagsamba sa araw ng Biyernes. Pagkatapos ng pagsamba, tinanggap ko ang panalangin niya para sa malakihang pagbabahagi ng ebanghelyo na gagawin ng iglesya namin na magsisimula sa susunod na linggo.

Habang nananalangin para sa gawain, bigla niyang idinalangin na mapalitan ng tubig na maiinom ang tubig-alat. Masaya akong sumagot ng, "Amen!" Bumalik ako sa Muan, labis ang kasiyahan.

Noong Marso 5, inanusyo ko sa pagsamba sa Linggo ng Umaga, "Dahil idinalangin ng Punong Pastor na maging tubig na pwedeng inumin ang tubig-dagat, pwede na tayong uminom!" Lahat ng miyembro ay sumagot ng, "Amen!" Niluwalhati nila ang Diyos at nagpalakpakan. Pagkatapos ng pagsamba, umakyat kami sa burol kung saan naroon ang balon. Nagpuri at nanalangin kami roon at nagpasalamat sa Diyos. Pagkatapos, lumapit kami sa balon.



Hulyo 26, 2000
Sagisag ng Pagsisimula

Lahat kami ay nakatingin doon sa bukasan ng balon, may kaunting tensyon. Nang buksan ito, lumabas ang malakas na tubig. Tinikman naming lahat ang tubig.

"Wow, Pastor Kim! Masarap na ang tubig!" Nagpalakpakan kaming lahat, namangha at sinabing, "Mahal naming Diyos! Salamat po!"

### Nakararanas ng mga kapangyarihang espirituwal ang lugar ng Muan Sweet Water.

Nagpatuloy ang pagdating ng mga biyaya. Gumagaling ang mga karamdaman ng mga tao kapag umiinom sila ng Muan Sweet Water nang may pananampalataya. Natutupad din ang mga minimithi ng puso nila.

Nakararanas din ng mga kamangha-manghang pangyayari ang mga bisitang nagmumula sa ibang bansa. Ang iglesya naming Muan Sweet Water Church ay banal na lupain na ngayon. Tinatawag na itong, 'Muan Sweet Water Site of Power.' Inaasam ng mga tao mula sa buong mundo na makarating dito para maranasan ang mga espirituwal na kaganapan.

Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagpapala sa Muan Manmin Church. Naging daan ito ng Banal na Espiritu para makapagligtas ng hindi mabilang na mga kaluluwa ayon sa kalooban ng Diyos sa panahong malapit ng magwakas.




## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714